University of Santo Tomas
OFFICE OF THE RECTOR

Mensahe sa Pagpanaw ni Pope Francis

Nakikiisa ang Pamantasan ng Santo Tomas sa pagdadalamhati ng Simbahan sa pagpanaw ng ating mahal na Santo Papa na si Francisco. Marami siyang iniwang makabuluhang turo at alaala na ating babaunin at magsisilbing inspirasyon sa ating komunidad tulad ng *Laudato Si'*, *Fratelli Tutti*, at *Gaudete et Exsultate*.

Hindi malilimutan ng mga Tomasino ang pagbisita ng Santo Papa sa Unibersdad noong 2015, ang kaniyang mga pahayag na nagmula sa kailaliman ng kaniyang puso sa harap ng libo-libong kabataan, mga pinuno ng iba't ibang pananampalataya, at kababayan nating nagmula pa sa iba't ibang dako na nagtipon-tipon sa UST sa kaniyang pagdating. Nanatiling nakalarawan sa ating isip ang kaniyang matamis na ngiti sa bawat taong nakasalamuha niya, Kristiyano man o hindi. Taos-puso tayong nagpapasalamat sa kaniyang tapat na paglilingkod sa Simbahan, sa pagmamahal at pag-aaruga na ipinadama niya sa atin, at sa pagbibigay niya ng pag-asa sa ipinakita niyang kabutihan at kababaang-loob.

Lolo Kiko, ipanalangin mo kami sa Diyos Ama. Hinihiling naming ibulong mo sa kaniya ang aming mga alalahanin at pangarap.

Paalam, Pope Francis! Maraming salamat! Minamahal ka namin!

(Sgd.) Rev. Fr. Richard G. Ang, OP
Rektor

Mailing Address: Second Floor, Main Building, España, Manila 1015 Philippines
Telephone Numbers: 632-8731-3123 / 632-3406-1611 local 8210/8573 Fax Number: 632-8732-7486 Email Address: rector@ust.edu.ph